| Grades 1 to 12 Daily Lesson Log | School | Guadalupe Elementary School | Grade Level | III |
|---|---|---|---|---|
| | Teacher | Arian P. de Guzman | Learning Area | MATHEMATICS |
| | Teaching Dates | Week 6 | Quarter | $1^{ST}$ |

| DAY | MONDAY | TUESDAY | WEDNESDAY | THURSDAY | FRIDAY |
|---|---|---|---|---|---|
| **I. LAYUNIN** | | | | | |
| **A. Pamantayang Pangnilalaman** | 1. demonstrates understanding of whole numbers up to 10 000, ordinal numbers up to 100th, and money up to PhP1000.<br>2. demonstrates understanding of addition and subtraction of whole numbers including money | | | | |
| **B. Pamantayan sa Pagganap** | 1. is able to recognize, represent, compare, and order whole numbers up to 10 000, and money up to PhP1000 in various forms and contexts.<br>2. is able to recognize and represent, ordinal numbers up to 100th in various forms and contexts.<br>3. is able to apply addition and subtraction of whole numbers including money in mathematical problems and real life situations. | | | | |
| **C. Mga Kasanayan sa Pagkatuto** | 1. Naipakikilala ang paraan ng paglutas ng pamilang nasuliraning routine at non-routine;<br>2. Nakapagtatala ng tamang impormasyon sa paglutas ng pamilang na may ibat-ibang estratehiya; at<br>3. Nakapagbibigay ng kabuuang sagot gamit ang routine at non-routine. | | | | Learners will answer the assessment with 80% accuracy |
| **II. Nilalaman** | **Paglutas ng Pamilang na Suliraning Routine at Non-Routine Kabilang ang Pera Gamit ang Angkop na mga Estratehiya** | | | | |
| **III. KAGAMITANG PANTURO** | | | | | |
| **A. Sanggunian** | | | | | |
| **1. Mga Pahina sa Gabay ng Guro** | | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **2. Mga Pahina sa Kagamitang Pang-mag-aaral** | | | | | |
| **3. Mga Pahina sa Teksbuk** | | | | | |
| **4. Karagdagang Kagamitan mula sa portal ng *Learning Resource*** | | | | | |
| **B. Iba pang Kagamitang Panturo** | Modyul 12 | Modyul 12 | Modyul 12 | Modyul 12 | |
| **IV. PAMAMARAAN** | | | | | |
| **A. Balik-aral sa nakaraang aralin at/o pagsisimula ng bagong aralin.** | Magbalik-aral sa nakaraang aralin. | Magbalik-aral sa nakaraang aralin. | Magbalik-aral sa nakaraang aralin. | Magbalik-aral sa nakaraang aralin. | Basahing mabuti ang mga katanungan at isulat ang titik ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.<br>Problem: May 6 346 na alcohol si Aling Rita sa kaniyang tindahan at 3,258 na hand sanitizer. Ilang disinfectant ang paninda ni Aling Rita?<br>1. Ano ang mga ibinigay na datos?<br>A. 6 346 na alcohol at 3 258 na sanitizer<br>B. 4 258 na hand sanitizer<br>C. 6 346 na alcohol at 4 258 na hand sanitizer<br>D. 7 456 na alcohol at sanitizer |
| **b. Pagganyak o Paghahabi sa layunin ng aralin/Motivation** | Basahin at unawain ang suliranin (problem).<br>Si Jose at Rolly ay tumulong sa kanilang Ama sa pag-aani<br>ng mangga. Noong nakaraang Sabado ay nakapag-ani sila ng 3 640 piraso. Kahapon ay nakapag- ani ng 2 653 at ngayon ay nakaani ng 2 525. Ayon sa kanilang Ama ay<br>nakapag-ani sila ng kabuuhang bilang na 8 818 na mangga. Tama ba ang | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | sinabi ng kanilang ama? Paano mo ito masasagot? | | | | 2. Ano ang tanong sa suliranin?<br>A. Ilan ang bilang ng alcohol?<br>B. Ilan lahat ang disinfectant na paninda ni Aling Rita?<br>C. Ilan ang hand sanitizer?<br>D. Ilan ang bilang ng binili na essential?<br>3. Alin sa mga sumusunod ang pamilang na pangungusap?<br>A. 6 346 ÷ 3 258 = n<br>B. 6 346 x 3 258 = n<br>C. 6 346 – 3 258 = n<br>D. 6 346 + 3 258 = n<br>4. Anong mathematical operation ang kailangang gamitin?<br>A. subtraction<br>B. addition<br>C. multiplication<br>D. division<br>5. Ano ang solusyon o wastong sagot?<br>A. 9 604<br>B. 9 640<br>C. 9 064<br>D. 9 600 |
| **C. Paglalahad o Pag-uugnay ng mga halimbawa sa bagong aralin.** | Bago mo bigyan ng solusyon ang suliranin (problems),<br>sagutin muna ang mga tanong.<br>1. Sino- sino ang mga nag-ani ng mangga?<br>2. Anong katangian ang ipinakita nila Jose at Rolly?<br>3. Tama ba ang ginawa ng dalawang bata? Bakit?<br>4. Kayo ba ay tumutulong din sa mga gawain ng inyong pamilya?<br>5. Bakit kailangang tumulong sa mga gawain ng inyong pamilya?<br>6. Ano ang kahalagahan ng pagtutulungan?<br>Balikan ang suliranin (word problem).<br>Bago solusyunan ang suliranin ay may mga dapat tandaan. Kailangang analisahing mabuti ang suliranin | | | | |
| **D. Pagtatalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #1** | Narito ang mga tanong na dapat sagutin.<br>Una, ano ang tanong? (asked). Pangalawa, ano ang mga datos na ibinigay? | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | (given). Pangatlo, anong operasyon (operation) ang kailangan sa paglutas ng suliranin (problem)?<br>Susunod, ano ang pamilang na pangungusap (number sentence)? At pinakahuli, bigyan ng solusyon ang problema. | | | | |
| **E. Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #2** | Sa mga non-routine na suliranin, dapat munang alamin ang patagong tanong (hidden question) upang maibigay ang wastong operation na dapat gamitin at ang tamang solusyon sa suliranin.<br>Sa pagbibigay ng solusyon sa word problem ay dapat:<br>1. Alamin ang katanungan sa suliranin.<br>2. Alamin ang ibinigay na datos (given facts).<br>3. Ano ang pamilang na pangugusap (number sentence)?<br>4. Alamin ang operasyong dapat gamitin.<br>5. Ibigay ang solusyon sa suliranin. | Routine Problem. Ang mga kabataan sa Barangay Masikap ay nagtanim ng ibat-ibang punong kahoy. Kabilang rito ang 3 465 na ipil, 1 647 na narra at 2 802 na mahogany. Ilang punong-kahoy ang kanilang tinanim?<br>Mga Tanong:<br>1. Anong mga datos ang naibigay sa suliranin?<br>2. Ano ang tanong sa suliraning ito?<br>3. Ano ang pamilang na pangungusap?<br>4. Anong operation ang dapat gamitin?<br>5. Ano ang solusyon sa suliranin? | | | |
| **F. Paglinang sa Kabihasaan tungo sa Formative Assessment (Independent Practice)** | | Non-routine Problem. Si Aling Perla ay kumita ng Php 3 846 sa kaniyang mga panindang gulay noong nakaraang lingo at | Basahin ang sumusunod na suliranin o word problem. Sagutin ang mga tanong.<br>Problem. Ang pabrika ng sardinas ay nakapagbigay ng produkto nito | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | Php 5 321 ngayong lingo. Nagastos niya ang halagang Php 3 421<br>para sa kanilang pangangailangan sa bahay.<br>Mga Tanong:<br>1. Anong proseso o operation ang dapat gamitin?<br>2. Ano ang pamilang na suliranin?<br>3. Magkano ang natirang halaga kay Aling Perla? | sa munisipyo para ibigay sa mga residenteng nasa home quarantine. May kabuuang halagang Php 6 731 ang naibigay noong Lunes, Php 5 278 noong Martes at Php 8 060 noong Miyerkules. Magkano ang kabuuang halaga ng sardinas ang naihatid sa munisipyo?<br>1. Ano ang katanungan sa suliranin?<br>2. Ano ang mga ibinigay na datos?<br>3. Ano ang proseso o operation na gagamitin upang makuha o malaman ang tamang sagot?<br>4. Ano ang solusyon upang makuha ang tamang sagot?<br>5. Ibigay ang wastong sagot o ang bilang ng lata ng sardinas na naihatid? | | |
| **G. Paglalapat ng Aralin sa pang-araw-araw na buhay** | | | Basahin nang mabuti ang word problem. Laging tandaan ang bawat hakbang sa paglutas ng suliranin.<br>A. Ang kompanya ng aklat ay nakagawa ng 3 565 noong nakaraang taon at 5 763 ngayong taon. Ilang aklat ang nagawa sa dalawang taon?<br>1. Ano ang mga ibinigay na datos?<br>2. Ano ang tanong sa suliranin o word problem?<br>3. Ilang aklat ang nagawa sa dalawang taon?<br>B. Ang Nanay ni Tina ay kumita ng Php 3 465 sa pagtitinda ng | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | bigas, Php 2 653 sa pagtitinda ng gulay at Php 1 589 sa pagtitinda ng<br>karne. Magkano lahat ang kaniyang kinita?<br>4. Ano ang operasyon na gagamitin sa paglutas ng suliranin?<br>5. Ano ang pamilang na pangungusap?<br>6. Magkano ang kinita ng nanay ni Tina sa pagtitinda? | | |
| **H. Paglalahat ng Aralin<br>Generalization** | | | | Buuin ang pangungusap.<br>Sa pagbibigay ng solusyon sa suliranin o problema ay dapat:<br>1. Alamin ang katanungan sa ___________.<br>2. Alamin ang ibinigay na _______________.<br>3. Ano ang ________ na pangugusap (number sentence)?<br>4. Alamin ang ___________ dapat gamitin.<br>5. Ibigay ang ____________ sa suliranin. | |
| **I. Pagtataya ng Aralin Evaluation/Assessment** | | | | Basahing mabuti ang mga katanungan at isulat ang titik ng tamang sagot<br>***Ang negosyanteng si Mang Ambo ay bumili ng halagang Php 4 365 na palay sa Plaridel, Php 3 423 sa Tigman at Php 2 306 sa Ramon Magsaysay. Magkano ang kabuuang*** | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | | ***halaga ng palay ang kaniyang nabili?***<br>1. Ano ang tanong sa suliranin?<br>A. Magkano ang halaga ng palay na nabili sa Tigman?<br>B. Magkano ang halaga ng palay na nabili sa Plaridel?<br>C. Magkano ang halaga ng palay na nabili sa Ramon Magsaysay?<br>D. Magkano ang kabuuang halaga ng palay ang nabili mula sa tatlong lugar?<br>2. Ano ang mga ibinigay na datos?<br>A. 3 423, 4 365 at 2 306<br>B. 3 000, 5 100 at 1 406<br>C. 3 492, 5 265 at 1 407<br>D. 4 365, 3 432 at 2 360<br>3. Magkano ang kabuuang halaga ng palay ang nabili ni Mang Ambo?<br>A. Php 9 298 C. Php 9 298<br>B. Php 10 094 D. Php 9 298<br>***Si Aling Perlita ay gumawa ng 1 674 na piraso ng puto, at 3 354 na kutsinta para sa mamamayang nasa plaza na nanonood ng parada sa piyesta ng barangay. Ilang piraso ng puto at kutsinta ang natira kung ang naipamigay sa mga manonood ay 4 550 piraso nito?*** | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | | 4. . Anong operasyon ang gagamitin sa paglutas ng suliranin?<br>A. Pagdaragdag (addition) at pagbabawas (subtraction)<br>B. Pagdaragdag (addition)<br>C. Pagbabawas (subtraction)<br>D. Pagpaparami (multiplication)<br>5. Ano ang pamilang na pangungusap (number sentence)?<br>A. (1 674 + 3 354) – 4 550 = N<br>B. (1 674 - 3 354) + 2 562 = N<br>C. (1 674 + 3 354) + 2 562 = N<br>D. (1 674 + 3 354) + 4 550 = N<br>6. Ilan lahat ang puto at kutsinta na ginawa ni Aling Perlita?<br>A. 5 470<br>B. 5 028<br>C. 4 550<br>D. 5 820 | |
| **J. Karagdagang gawain para sa takdang-aralin at *remediation*** | | | | | |
| **V. MGA TALA** | | | | | |
| **VI. Pagninilay** | | | | | |
| **A. Bilang ng mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya** | | | | | |
| **B. Bilang ng mag-aaral** | | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **na nangangailangan ng iba pang gawain para sa *remediation*** | | | | | |
| **C. Nakatulong ba ang *remedial*? Bilang ng mag-aaral na nakaunawa sa aralin** | | | | | |
| **D. Bilang ng mga mag-aaral na magpapatuloy sa *remediation.*** | | | | | |
| **E. Alin sa mga istratehiyang pagtuturo nakatulong ng lubos? Paano ito nakatulong?** | | | | | |
| **F. Anong suliranin ang aking naranasan na solusyunan sa tulong ng aking punungguro at superbisor?** | | | | | |
| **G. Anong kagamitang panturo ang aking nadibuho na nais kong ibahagi sa mga kapwa ko guro?** | | | | | |

Prepared by: **ARIAN P. DE GUZMAN**
*Grade 3 Adviser*

Checked by: **IRENE P. DE LA CRUZ**
*Master Teacher I*

Noted: **ERNESTO B. CASTRO**
*School Head/Head Teacher III*